Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com* *email. bulacan@deped.gov.ph*

Hulyo 11, 2019

Sa: Tagamasid Pansangay sa Edukasyon sa Pagpapakatao
Mga Punong Guro ng mga Paaralang Sekondarya
Mga Tagapagtaguyod ng Career Guidance
Mga Tagapag-ugnay sa Paghubog sa Kabataan
Iba pang Kinauukulan

Kalakip dito ang panlalawigang liham na may petsang Hulyo 8, 2019 hinggil sa pagpapatupad ng Programa sa Career Guidance para sa mga mag-aaral sa ika-siyam at ika-sampung baitang kung saan ang Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isport at Public Employment Office ay muling magsasagawa ng **Bulacan Career Guidance Advocates Network, Inc. General Assembly and Career Guidance Seminar Module Workshop** para sa Taong Pampaaralan 2019-2020 sa Hulyo 16, 2019, sa ganap na 9:00 ng umaga sa Francisco Balagtas Hall, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Hinihiling ang pagtunghay sa pangatlong talata ng nasabing liham para sa mga inaasahang dadalo sa nasabing gawain.

Ang liham na ito ang siya na ring magsisilbing Pahintulot sa Paglalakbay ng mga kalahok.

Inaasahan ang pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

Lubos na sumasainyo,

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed.D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY

Blg. 119 , s. 2019

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

**PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KABATAAN, ISPORTS AT *PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE***

Hulyo 8, 2019

DepEd-SDO of BULACAN
RECEIVED

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
JUL 08 2019
JUL 08 2019
By:
Time: 9:18

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Schools Division Superintendent
Department of Education – Division of Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng aming tanggapan at *Public Employment Service Office* kabalikat ang inyong tanggapan, ay muling magsasagawa ng **Bulacan Career Guidance Advocates Network, Inc General Assembly and Career Guidance Seminar Module Workshop** na gaganapin sa ika-16 ng Hulyo, 2019 ganap na ika-900 ng umaga sa Francisco Balagtas Hall, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Layunin po nito na mabigyan ng kaalaman ang mga *Career Advocates* ukol sa *module* na siyang ibabahagi sa mga mag-aaral ng Grade 9 at 10 upang sila ay magabayan sa pagpili ng angkop na kurso ayon sa kanilang interes at kakayahan.

**Kaugnay po nito, magalang naming hinihiling na makadalo ang *Education Program Supervisor*, lahat ng *Career Guidance Advocates* at *Project Development Officer* sa inyong dibisyon sa nasabing gawain.**

Pauna na po ang aming pasasalamat sa inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan.

Lubos na sumasainyo,

**ELIZABETH L. ALONZO**
Provincial PESO Manager